

Taon XXXIX Blg. 16 Agosto 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Suportahan ang rebolusyonaryong pakikibakang Bangsamoro!

ananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mga rebolusyonaryong pwersa na pinamumunuan nito na lubos na suportahan ang pakikibaka ng Bangsamoro para sa pambansang pagpapasya-sa-sarili at pagbawi ng kanilang lupang ninuno.

Sa harap ng mga panlilinlang ng reaksyunaryong gubyerno sa MILF sa usapang pangkapayapaan at pag-iibayo ng mga tahasang opensibang militar laban sa kanila, wala ngayong ibang pagpipilian ang MILF at ang Bangsamoro kundi ang pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka upang makamit ang karapatan nila sa pambansang pagpapasya-sa-sarili at mabawi ang mga lupaing ninunong kinamkam sa kanila. Kaugnay nito, higit na dapat magkaisa ang rebolusyonaryong pambansa-demokratikong kilusan at ang rebolusyonaryong kilusang Bangsamoro, magpalalim ng unawaan at magpaigting ng pagtutulungan upang isulong ang kanilang mga komun at partikular na pakikibaka laban sa parehong kaaway—ang rehimeng US-Arroyo at ang buong bulok, reaksyunaryo at mapang-aping malakolonyal at malapyudal na sistemang namamayani sa buong bansa.

pasistang armadong pwersa bilang kongkretong hakbang para suportahan ang muling pagsusulong ng rebolusyonaryong ar-

Kailangang paigtingin ng madong pakikiba-Bagong Hukbong Bayan ang mga taktikal na opensiba sa buong bansa laban sa moro at upang saman-

Mga tampok sa isyung ito...

Inudyok ng rehimeng Arroyo ang gera sa Mindanao

PAHINA 4

Rebyu: Stalking Jihad
PAHINA 7

Matarik na pagbulusok ng kabuhayan

PAHINA 11

talahin ang pagkaabala sa ngayon ng mga pwersa ng kaaway sa pagtataboy sa Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIAF). Sa kagyat, naobligang magbawas na ang Armed Forces of the Philippines (AFP) ng pwersa nito mula sa Visayas at Bicol tungo sa mga lugar ng sagupaan ng AFP at mga pwersang Bangsamoro.

Ang pag-iibayo ng magkahiwalay subalit magkaagapay na armadong pakikibaka ng BIAF at BHB ay makatutulong din nang malaki sa higit pang pagpapasigla ng malawakang pagsusulong ng mga protestang bayan laban sa panibagong pagpapakana nina Arroyo ng Chacha para makapagpatulov pa ng paghahari lampas sa 2010.

Ginamit nina Arroyo na sangkalan dito ang mga kunwang pakikipagnegosasyon sa MILF at pagbabalangkas ng kasunduang dinisenyo para lamang mabigo at magbunga ng mga kaguluhan at pagtindi ng karahasang diumano'y malulutas lamang sa pamamagitan ng pagbabago ng konstitusyon at pagbaling sa "pederalismo."

Kailangang pag-ibayuhin din ang pampulitikang gawain sa mamamayan sa mga apektadong lugar at maging sa buong bansa upang mapaunlad ang pag-unawa sa makatarungan at lehitimong adhikain ng pakikibakang Bangsamoro. Bukod sa pagbaka sa kahalintulad na mga batayang suliraning dinaranas ng nakararaming mamamayang Pilipino, kailangan ding bakahin ng mga rebolusyonaryong pwersang Bangsamoro ang partikular na dagdag-pasanin ng pambansang pangaapi at sobinismong ipinapataw sa kanila ng bulok na naghaharing sistema sa bansa.

Upang makamit ang ganap at tunay na awtonomya, kailangan ang kaakibat na restorasyon ng kanilang istorikong lupang ninuno na inagaw ng mga mapang-api. Kabilang sa mga may malalawak na kinamkam na lupaing ninuno ng Bangsamoro ang malaking reaksyunaryong pulitikong pamilyang Piñol sa North Cotabato.

Kaalinsabay, mahalagang ikonsidera na marami na ring mamamayan sa ansestral na lupain na ipinaglalabang maibalik sa Bangsamoro av di katutubong Moro. Kailangan din ng dagdag na pagsisikap sa maingat na pagkilos, pampulitikang paghimok at pagtataguyod sa kanila ring mga lehitimong interes at karapatan upang mahimok na makiisa sa mga simulain at pakikibaka ng Bangsamoro at kabuuan ng rebolusyong Pilipino. Isa ito sa maaaring batayan ng mahigpit na pagtutulungan ng pambansa-demokratikong kilusan at ng kilusang Bangsamoro.

Mahalaga rin na masusing pagaralan, isiwalat sa mamamayan at labanan ang malalaking pang-ekonomya, pangmilitar at iba pang interes na nasa likod ng panghihimasok ng US at iba pang impervalistang kapangyarihan sa negosasyong pangkapayapaan ng papet na rehimen nito sa MILF. Bukod sa malalaking dayuhang minahan, plantasyon at iba pang negosyo nila sa Mindanao, interesado ang US sa eksplorasyon ng langis at iba pang likas na yaman sa Mindanao-Sulu-Palawan.

Higit pa'v pinangangalagaan ng US ang papalaking presensyang militar at permanente nang pagbabase ng mga pwersang militar nito sa katimuqang Pilipinas para suportahan at bantayan ang mga pampulitika, pang-ekonomya at pangmilitar na interes at galaw ng US di na lamang sa bansa kundi sa South East Asia.

Mahiqpit na sinusubaybayan at dinidiktahan ng US, sa pamamagitan ng United States Institute of Peace, ang pakikipagnegosasyon ng papet nitong rehimen sa MILF. Gayundin, pinapayuhan ng US ang papet na rehimen at gumagawa ito ng sariling pagsisikap na "palambutin" ang MILF upang matiyak ang istabilidad ng interes at presensya ng US, partikular sa Mindanao, anuman ang maging resulta ng pakikipag-usap ng papet na rehimen sa MILF.

Nagpapanggap lamang ang US na sumusuporta sa prosesong pangkapayapaan, at dati pa nitong batid na walang anumang totoong ibibigay ang papet na rehimen sa MILF.

Taon XXXIX Blg. 16 Agosto 21, 2008

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.net Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal: Suportahan ang	
pakikibaka ng Bangsamoro	1
Itakwil ang panibagong cha-cha	3
Tumitindi ang gera sa Mindanao	4
Papel ng US sa MOA-AD	5
Rebyu: Stalking Jihad	6
Ka Tanny, pinuri ni Ka Joema	7
Matatagumpay na opensiba	8
Korapsyon, umaarangkada	9
Pagbulusok ng kabuhayan	11
Pasistang pananalanta ng estado	12
Kababaihang manggagawa	13
Prachanda, Nepal prime minister	13

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Itakwil ang panibagong pakanang Cha-cha ni Arroyo

Takakita na naman ng dahilan si Arroyo para isulong ang malaon na niyang ipinapakanang Cha-cha (charter change o pagbabago ng konstitusyon) na "ligal" na makapagpapalawig sa kanyang pusisyon. Isinangkalan ni Arroyo ang kunway pakikipagkasundong ibalik sa Bangsamoro ang kanilang lupaing ninuno at ibigay ang mas makabuluhan at mapagpasyang awtonomya.

Sadyang dinisenyo nina Arroyo ang borador ng kasunduan sa MILF para ito'y mabigo. Antimano'y batid nilang ang borador na kasunduan ay babangga sa reaksyunaryong konstitusyon, batas at korte at mag-uudyok ng matinding reaksyon at kaguluhan, laluna mula sa mga sobinistang anti-Bangsamoro at reaksyunaryong naghaharing uring may malalaking interes pangekonomya, pampulitika at militar sa mga lupaing saklaw ng kasunduan. Tuso ngayong idinadahilan ni Arroyo ang kaguluhang ito at ang pagsiklab ng mas malaki pang digmaan sa Mindanao para sakyan ang pakulong "pederalismo" upang maitulak ang pagbabago ng reaksyunaryong saligang batas. Mismong Malacañang na ang nagdeklarang "wala nang makasasagka sa Chacha."

Plano ng Malacañang na isalang sa Cha-cha ang "pederalismo" para umano resolbahin ang kaguluhan sa Mindanao. Para mabigo ang balak ni Arroyo, iniatras na ni Rep. Rufus Rodriguez ng Cagayan de Oro City and panukala niva sa Kongreso na qaqamitin sana para maitulak ito. Sa Senado, binawi na ng dalawang senador (sina Panfilo Lacson at Rodolfo Biazon) and kanilang pirmang nag-eendorso sa panukalang "pederalismo" matapos maging malinaw na sasakyan lamang ito ng Malacañang para maitulak ang Cha-cha. Kaya nililigawan nang husto ngayon ni Arroyo ang ibang malalaking reaksyunaryong pulitiko para suportahan

ang "pederalismo." Hibang niyang pinangangakuan ang mga ito na mapahihintulutan silang makapagbuo ng mumunting kaharian sa kani-kanilang mga rehiyon sa pamamagitan ng "pederalismo".

Samantala, nagkakandarapa ang mga alipures ni Arroyo sa paghahain ng iba pang mga panukala sa Kongreso para matuloy na ang Cha-cha. Sa proseso'y isisingit nila ang mga probisyong magpapalawig sa paghahari ni Arroyo at magbibigay sa kanya ng higit na kapangyarihang supilin ang sinumang tututol dito. Isisingit din ng kanyang mga alipures ang pagpapalawig ng kani-kanilang mga termino at pagtataguyod sa interes ng imperyalismong US.


Litaw na litaw ang kagustuhan

ng US na maitulak na rin ang Chacha upang mabigyang-daan ang mga probisyong babaklas sa anumang nalalabi pang mga pormal na proteksvon sa soberanya at pambansang patrimonya ng Pilipinas. Sa pamamagitan nito, higit pang makapanghihimasok at makapagsasamantala ang US sa bansa. Para maitulak ang Cha-cha, tusong pinaalalahanan ng US ang rehimeng Arroyo sa pakikipagnegosasyon nito sa MILF na ang anumang mapagkakasunduan hinggil sa awtonomya at ansestral na lupain ay dapat tumuqma sa mga batas at proseso ng papet na estado at sa gayo'y dapat maisalang sa Cha-

Kapag nag-ibayo ang anti-Chacha na pagkilos ng mamamayan at manganib ang pagpapatuloy ng paghahari ni Arroyo, handa na rin ang Malacañang na magdeklara ng state of emergency kundi man batas militar para manumbalik umano ang kaayusan. Idadahilan dito ang pagbabalik sa armadong pakikibaka ng MILF at ibayong pagtindi ngayon ng armadong labanan sa pagitan ng mga pwersa ng Bangsamoro at reaksyunaryong qubyerno.



Inudyok ng rehimeng Arroyo ang gera sa Mindanao



Liang bahagi ng Mindanao bunsod ng panlololoko, pananabotahe at pagkasangkapan ng pangkating Arroyo sa usapang pangkapayapaan sa Moro Islamic Liberation Front (MILF) para itulak ang ambisyon ni Arroyo na magpalawig ng kanyang kapangyarihan. Bukod sa umaatakeng mga pwersang militar at paramilitar ng gubyerno, ginagamit din ng rehimen ang "Ilaga", isang armadong grupong kontra-komunista at kontra-Moro para maghasik ng dagdag na kaguluhan. Ang grupong ito ay itinayo, inaarmasan at pinakakawalan ng mangangamkam na pamilyang Piñol at iba pang malalaking pulitikong anti-Moro sa maraming lugar sa Mindanao. Dahil sa mga pang-aatakeng ito, naobliga ang mga pwersa ng Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIAF) na magtanggol ng sarili at maglunsad ng mga opensiba.

Tumindi pa ang dati nang panaka-nakang putukan sa pagitan ng mga armadong pwersa ng gubyerno at ng MILF nang malantad noong katapusan ng Hulyo ang pagkatuso ng rehimeng Arrovo sa kunwa'y pakikipagnegosasyon nito sa MILF at pagbubuo ng borador ng Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MoA-AD). Nilalaman ng MoA-AD ang pagbabalik umano ng lupaing ninuno ng Bangsamoro at pagbibigay sa kanila ng mas makabuluhan at mapagpasyang awtonomya sa ilalim ng bubuuing Bangsamoro Juridical Entity (BJE).

Sadyang sinulsulan ng rehimeng

Arroyo ang mga kaguluhan na pinasimunuan nq malalaking reaksyunaryong pulitiko, mangangamkam ng lupa at iba pang sobinistang pwersang anti-Bangsamoro sa Lanao del Sur, North Cotabato, South Cotabato, Sarangani, Zamboanga peninsula at iba pang lugar sa Mindanao, Sulu at Palawan na maisasama umano sa BJE. Bago pa man ang nakatakda sanang pirmahan ng MoA noong Agosto 5, palihim na pinasahan ni Gen. Hermogenes Esperon ng kopya nito si Vice Gov. Emmanuel Piñol ng North Cotabato para maudyukan ng marahas na reaksyon sa kasunduan. Tumatayo bilang Presidential Adviser on the Peace Process si Esperon.

Dahil dito, kaagad na nakapagsampa ng petisyon sa Korte Suprema sina Piñol at iba pang reaksyunaryong pulitiko para pigilan ang pirmahan. Tahasan din ang pagsulsol ni Esperon kay Piñol para magarmas at maghanda na ng kanyang mga pwersang Ilaga laban sa MILF. Noong Agosto 4, kinatigan ng Korte Suprema sina Piñol at ipinatigil ang nakatakdang pirmahan ng dalawang panig sa Putrajaya, Malaysia.

Samantala, bago pa man ang nakatakdang pirmahan at habang umiiral pa ang tigil-putukan sa pagitan ng rehimen at MILF, walang pakundangang umatake at nagpaulan ng mga bala ng howitzer ang Philippine Marines sa mga komunidad na binabasehan ng MILF sa Barangay Baguindan at Tipo-Tipo Proper sa Tipo-Tipo, Basilan.

Inatake ang mga pinusisyunan ng MILF na bahagi ng hinihinging maibalik na lupang ninuno na may signipikanteng populasyong Moro. Ang walang probokasyong pangaatake ng mga pwersa ng AFP at mga Ilaga at ang pagkadismaya ng mga pwersang Bangsamoro sa pagkakapiqil ng pirmahan sa MoA-AD ay nag-udvok sa ilang tropa ng BIAF na ipaglaban ang pusisyon nila sa ilang bayan ng North Cotabato at hamunin si Arroyo na pumili sa pagitan nila at ni Piñol. Bilang tugon, nagbuhos si Arroyo ng dagdag pang mga armadong pwersa laban sa MILF.

Nagbunga ito ng sunud-sunod na pagsiklab ng mga labanan sa North Cotabato. Matapos ang ilang araw na labanan, pumayag ang MILF na umatras alinsunod sa kasunduan sa tigilputukan na pinirmahan noon pang Agosto 1 bunsod ng mahigpit na kahilingan ng International Monitoring Team na pinamumunuan ng Malaysia na magpatupad ng tigilputukan. Pero dahil sa traydor na pag-atake ng AFP at mga pribadong pwersang paramilitar, naantala ang

lubusang pag-atras mula sa pinwestuhan ng mga mandirigmang Moro. Pinagkakanyon pa ang kanilang pusisyon at sinuportahan ng pambobomba mula sa mga eroplano at *howitzer* ang tuluy-tuloy na opensiba ng 602nd IBde sa Aleosan, Midsayap, Pikit at Libungan, lahat sa North Cotabato. Nagbunsod ang mga labanan ng malawakang paglikas ng daanlibong mga residente roon.

Kinumpleto ng MILF ang pag-atras mula sa 15 baryo sa loob ng tatlong araw. Pero dahil sa tuluy-tuloy na pagtugis ng AFP, ang ilang pwersa ng MILF sa pamumuno ni Ameril Umbra Kato ay naobligang bumalik sa pinakaabante nilang madedepensahang pusisyon bilang pag-iingat. Para pagtakpan ang pananalakay ng AFP, pinalalabas nito sa midya na "lost command" lamang ang mga pwersa ni Ameril, bagay na pinabubulaanan ng MILF.

Ang pinakahuling mga labanan ay sumiklab sa Lanao del Norte nitong Agosto 18 nang okupahan ng BIAF ang ilang bayan dito at panandalian nitong sakupin ang mga munisipyo ng Kauswagan at Kolambugan. Nagtamo ng maraming kaswalti ang nagulantang na mga tropa ng AFP, kabilang sina Lt. Col. Angel Benitez at dalawa niyang sundalo na napatay sa labanan sa Kolambugan. Libu-libong sibilyan, kapwa Moro at Kristyano ang napilitang lumikas.

Samantala, sarisaring kasinungalingan at paninira ang ipinagkakalat sa midya ng mga propagandista ng Malacañang, AFP at mga sobinistang pwersang anti-Moro para mag-alab ang anti-Moro na sentimiyento sa publiko. Kabilang dito ang pagdukot umano sa mga paring Katoliko. Pinabulaanan ito mismo ng isa sa mga diumano'y biktima. Ipinaliwanag din ng MILF na ang napabalitang pagpatay sa mga sibilyang myembro ng Ilaga at iba pang paramilitar na pwersa at panununog ng kanilang mga bahay ay di kagagawan ng BIAF kundi ng mga pakawala ng rehimeng Arroyo na nasulsulang siraan ang MILF-BIAF.

Pinakanapipinsalaan sa inihahasik na kaguluhan ng rehimeng Arroyo ang mahigit 160,000 mamamayang naitaboy sa kanilang mga tirahan at nagsisiksikan ngayon sa mga evacuation center. Mismong ang United Nations ay nagpahayag na ng pagkabahala sa patuloy na pagdami ng mga bakwit.


Ano ang papel ng US sa pagbubuo ng MOA-AD?

agsinungaling si US Ambassador Kristie Kenney nang sabihin niya na nagkataong imbitado lamang siya sa nakatakda sanang pirmahan ng Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MOA-AD) sa pagitan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) at rehimeng Arroyo para saksihan ito, at wala siyang alam sa nilalaman ng naturang kasunduan.

Sa laki ng pamumuhunan, mga proyekto at presensyang militar ng US sa iba't ibang lugar sa Mindanao, imposibleng hindi makialam ang US sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng papet nitong rehimen at ng MILF. Ang totoo'y napakadalas bumyahe ni Kenney sa Mindanao para bisitahin ang mga pwersang militar ng US at kumustahin ang samutsaring interes ng US sa isla. Isa pang dahilan ng madalas niyang pagpunta roon ang mahigpit na pakikipagkonsultahan niya sa US Institute of Peace (USIP) kaugnay ng Philippine Facilitation Project nito. Partikular na layunin ng proyektong ito ang pagsubaybay at pag-impluwensya sa takbo ng pakikipag-usapang pangkapayapaan ng papet na rehimen sa MILF para umayon sa interes ng US ang anumang kahihinatnan nito.


Ayon sa Special Report 202 ng USIP na pinamagatang "Toward Peace in the Southern Philippines" (Tungo sa Kapayapaan sa Katimugang Pilipinas) at kalalabas lamang nitong Pebrero 2008, "Noong 2003 ay kinatulong ng US State Department ang USIP para mapadali ang pagbubuo ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng MILF."

Dagdag nito: "... nakapagbuo ang USIP ng mga produktibong relasyon kapwa sa GRP at MILF, natulungan ang magkabilang panig na makabuo ng mga mapanlikhang solusyon sa magaganit na usapin kaugnay ng lupang ninuno at nasimulan



sulong ng patakarang panlabas ng US. Nagpapanggap itong isang independvente at walang pinapanigang institusyon. Ang totoo'y kabilang sa mga namumuno rito sina US Secretary of State Condoleezza Rice at US Secretary of Defense Robert Gates. Ang direktor ng Philippine Facilitation Project ay si Eugene Martin, isang retiradong pandaigdigang sugo ng kanyang gubyerno at naging deputy chief of mission ng US Embassy sa Pilipinas.

Hindi tunay na interesado ang US na magkaroon ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa lupain man ng Bangsamoro o sa buong Pilipinas. Tanging layunin nito ang pagsusulong ng interes ng US sa gitna ng armadong tunggalian. Kunwa'y pinadudulas nito and prosesong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at MILF para lamang maisingit ang sarili at mapangalagaan sa buong proseso ang mga interes nito, kabilang na ang pagpapatuloy ng mga pagmimina, mga eksplorasyon para sa langis at iba pang likas na yaman ng Mindanao, at ang pagtatataq nq base militar nito sa rehiyon upang mapangalagaan ang mga imperyalistang interes nito. Sasagkaan nito ang proseso kailanman may makita itong hindi tutuqma sa mga interes nito. Tanda ng tunay nitong aktitud, lubos ngayong sinusuportahan ng US ang paglulunsad ng rehimeng Arroyo ng todogera laban sa MILF.



Stalking Jihad

Armadong panghihimasok ng US sa Mindanao

oong pagitan ng Oktubre at Nobyembre 2001, ilang operatiba ng Central Intelligence Agency (CIA) ang lihim na dumating sa Zamboanga City. Ang kanilang misyon ay pag-aralan ang magiging diskarte ng mga tropa at operatibang Amerikano sa pagliligtas sa mag-asawang Martin at Gracia Burnham at Guillermo Sobero, mga Amerikanong bihag noon ng bandidong grupong Abu Sayyaf.

Mismong mga upisyal ng Philippine Marines ang nagsalaysay ng mga detalye ng naging papel ng US sa mga operasyon noon laban sa mga bandido, taliwas sa pinalalabas ng rehimeng Arroyo na hindi nakikialam ang mga Amerikano sa mga usapin ng lokal na reaksyunaryong hukbo.

Ang kwento ng mga Marines ay inilahad nila kay Mark Bowden, batikang Amerikanong manunulat at may akda ng isinapelikulang librong *Black Hawk Down*, sa kanyang bidyo-dokumentaryong *Stalking Jihad* na inilabas ng History Channel sa DVD noong isang taon at ipinalabas sa telebisyon kamakailan.

Ikinwento nila kay Bowden kung paanong sinikap ng US na ilihim ang direkta nitong papel sa mga operasyong militar dahil labag iyon sa saligang batas ng Pilipinas. Ang naging diskarte ng CIA sa umpisa ay huwag munang magsagawa ng direktang operasyon kundi pag-aralan at tukuyin kung anong elemento ng lokal na militar ang maaaring magamit nang epektibo sa kanilang sadya.

Tahasang ikinwento ng mga operatiba ng paniktik na grupong MC2 ng Philippine Marines sa pangunguna ni Col. Juancho Saban kung paanong ginamit ng CIA ang mga "pinagsanib na pagsasanay-militar" bilang panabing sa pagpupuslit ng mga high-tech na kagamitang pang-espiya laban sa Abu Sayyaf. Pangunahin sa kagamitang ipinuslit ang isang unmanned aerial vehicle at pang-espiyang eroplanong RG-8 Schweizer. Ang aktwal na kakayahan ng mga kagamitang iyon ay inilihim din ng CIA sa mga katuwang na pwersang Marines.

Ang mga operatiba ng CIA ay pinangunahan ng isang Kent Clisby na nagkaroon ng upisina sa kampo ng Philippine Marines sa Zamboanga City. Ang MC2 ni Colonel Saban ay pinili ni Clisby bilang pinakaepektibong yunit ng lokal na militar na magagamit niya

sa kanyang misyon.

Tumampok ang MC2 sa obserbasyon ni Clisby dahil sa umano'y de-kalidad na trabahong paniktik nito kumpara sa bara-barang kilos ng Philippine Army (PA) na makailang beses na nagsapeligro sa buhay ng mga bihag ng Abu Sayyaf.

Mga tauhan ni Saban ang nakakontak at nakarekrut kay Alvin Siglos, matalik na kaibigan ni Aldam Tilao alias Abu Sabaya, bilang impormer na naging susi sa mga operasyon laban sa bandidong grupo. Unang naging operasyon ni Siglos ang pag-eskort sa brodkaster na si Arlyn dela Cruz na nagsadya noon sa kampo ng Abu Sayyaf sa Basilan upang kapanayamin ang mag-asawang Burnham at ang Abu Sayyaf.

Si Siglos ang naging kaisaisang kontak at tagasuplay ni Abu Sabaya sa labas. Tiniyak ito ng MC2 sa pamamagitan ng pagsalbeyds sa iba pang sibilyang kontak ni Sabaya. Pinondohan ng CIA si Siglos para maibigay ang anumang hilingin ni Sabaya. Kabilang sa mga binili ni Siglos para kay Sabaya ang isang bakpak na kinabitan ng CIA ng aparatong pantukoy sa kanyang lokasyon at isang bangkang de motor na naging susi sa operasyong pumatay sa bandidong lider.

Batay sa impormasyong nakuha mula kay Siglos, nagbalangkas ng planong reyd si Colonel Saban. Ngunit hindi natuloy ang operasyon dahil tumutol ang PA na nagnanais maangkin ang karangalan sa isasagawang operasyon. Makailang beses na sinulot ng PA ang Marines sa pagsasagawa ng operasyon—na ayon kay Gracia Burnham ay "istilong Rambo" at mas nakatuon sa pagpatay sa mga bandido sa halip na iligtas ang mga bihag. Bukod sa pagsasapeligro sa mga bihag, ang diskarte ng PA ang minsan ding nagtabov sa Abu Savvaf at muntik nang sumayang sa mga inabot ng paniniktik ng MC2.

Hanggang sa huling sandali ay bumara sa misyon ng CIA ang banggaan ng Marines at PA. Philippine Army ang nagsagawa ng "rescue operation" noong Hunyo 2002 na nagligtas nga kay Gracia Burnham ngunit pumatay naman sa asawa niyang si Martin at sa Pilipinang bihag na si Ediborah Yap.

Matapos ang nagkaloko-lokong

operasyon ng PA, solo nang pinagpasyahan nina Kent Clisby na pakilusin ang grupo ni Colonel Saban para tugisin ang grupo ni Abu Sabaya. Inasahan na nina Colonel Saban na matapos ang labanan ay muling tatawag si Sabaya para ipakuha ang kanilang bangkang de motor para gamitin sa pagtakas mula sa Zamboanga. Ninakaw nila ang bangka at dinukot ang opereytor niyon upang magamit sa pagbitag sa bandidong grupo.

Kinabitan nila ng mga infrared sensor ang bangka para madali itong makita ng eroplanong pangespiya na naghahatid ng bidyo sa upisina ni Clisby. Pinalarga nila ang bangka para sunduin ang grupo ni Sabaya. Samantala naghanda ang tropa ng Marines na sakay ng isang lantsa na suportado ng dalawang grupo ng US Navy Seals na sakay ng dalawa pang bangka.

Sa gabay ni Clisby na nanonood mula sa kanyang upisina, sinagupa ng mga tropang Pilipino at Amerikano ang mga bandido sa gitna ng dagat at doon ay napatay si Sabaya at nahuli ang apat sa kanyang kasamahan.

Ka Tanny, pinuri ni Ka Joema

Tagbigay-pugay si Prof. Jose Maria "Ka Joema" Sison, tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), sa yumaong senador na si Lorenzo M. Tañada nang gunitain ang kanyang ika-110 na kaarawan noong Agosto 10. Ani Ka Joema, nagpapatuloy ang kabuluhan ng mga prinsipyo ni Ka Tanny.

Pinuri ni Ka Joema si Ka Tanny bilang isang dakilang makabayan, tagapagtanggol ng pambansang kalayaan at demokrasya, prinsipyadong estadista, maalam na mambabatas at tagapagtaguyod ng mga kalayaang sibil. Walang takot siyang nakipaglaban sa pang-aapi at pagsasamantala.

Isinalaysay ni Ka Joema na una niyang nakilala at nakasama sa pakikibaka si Ka Tanny nang maging panauhing pandangal ang senador sa pagtatatag ng Kabataang Makabayan (KM) noong Nobyembre 30, 1964. Pinuri ni Ka Tanny ang mga kabataang aktibista at pinayuhang sumunod sa mga yapak nina Gat Andres Bonifacio at Emilio Jacinto. Lalo siyang naging malapit kay Ka Tanny nang sila'y nasa Movement for the Advancement of Nationalism. Si Ka Tanny noon ang tagapangulo habang pangkalahatang kalihim si Ka Joe-

ma.

Hinangaan din ni Ka Joema si Ka Tanny nang bilang unang tagapangulo ng Bagong Alyansang Makabayan ay buong tapang siyang nanguna sa mga pagkilos sa kabila ng marahas na pagbubuwag dito ng mga pasistang tropa ni Marcos.

Ang pagkakabuwag ng mga base militar ng US ang isa sa mga pinag-ukulan ng talino, tapang at tiyaga ni Ka Tanny. Masaya siyang pumanaw pagkaraang mabasura ng Senado ang RP-US Military Bases Agreement noong 1991.

Nakalulungkot lamang, ani Ka Joema, na ang pamanang ito ni Ka Tanny ay unti-unting binaligtad ng mga sumunod na rehimen, laluna ang rehimeng Arroyo.



Mga opensiba sa Quezon, Sarangani at Aurora

abing-isang armas ang nasamsam ng BHB sa mga reyd sa munisipyo ng Panukulan, Quezon at sa isang detatsment ng barangay tanod sa Malapatan, Sarangani nitong Agosto. Samantala, apat na elemento ng AFP na tumutugis sa nangreyd ng munisipyo ng Panukulan ang nasugatan nang tambangan ng BHB. Sa Aurora, 12 tropa ng Scout Rangers ang napatay at walo ang nasugatan nang paulanan sila ng bala ng mga Pulang mandirigma. Sumusunod ang mga ulat na natanggap ng *Ang Bayan*:

Agosto 15. Labindalawang elemento ng Scout Rangers ang agarang namatay at walo ang nasugatan nang paputukan sila ng mga gerilya ng Domingo Erlano Command ng BHB sa Mt. Katupnan, Ditumabo, San Luis, Aurora bandang alas-3 ng hapon. Nagsisiksikan noon sa tatlong tent ang di bababa sa 20 sundalo habang hinihintay ang pagtila ng ulan nang maabutan sila ng mga Pulang mandirigma na nakadikit nang hanggang 10 metro ang layo sa pusisyon ng kaaway. Magsasagawa sana noon ng strike operation and mga sundalo at nagpanggap pang mga mandirigma ng BHB subalit natukoy sila at napaghandaan ng mga gerilya. Limang minutong nagpaputok ang BHB pero patuloy na namutok ang mga sundalo sa loob pa ng 30 minuto kahit malayo na ang mga kasamang liqtas lahat na nakaatras. Para mapagtakpan ang kanilang kahihiyan, ipinagkalat ng 7th ID ng Philippine Army na may isang gerilyang namatay at apat na nasugatan at walang tinamaan sa paniq nq militar.

Nasugatan naman ang isang sundalo ng 74th IB nang tambangan ng mga pwersang gerilya ng BHB ang naturang pwersang militar noong araw ding iyon sa Barangay Talingting, Calauag, Quezon, bandang alas-6 ng umaga.

Agosto 12. Isang ripleng M16 at isang 12-gauge shotgun na pagmamay-ari ng barangay captain ang

nasamsam ng mga pwersang gerilya ng BHB sa reyd na kanilang isinagawa sa detatsment ng mga barangay tanod sa Upper Lasang, Barangay Sapu Masta, Malapatan, Sarangani bandang alas-3 ng madaling araw. Nasamsam din ng BHB ang ilan pang kagamitang militar ng mga barangay tanod. Walang nasaktan sa naturang pagsalakay ng BHB.

Agosto 11. Siyam na armas ang nasamsam ng BHB mula sa lokal na pulisya ng bayan ng Panukulan, Quezon nang salakayin ito ng mga pwersang gerilya bandang alas-8:30 ng umaga. Nakadamit sundalo ang mga pwersang gerilya sa pag-atake sa munisipyo na nagsisilbi ring himpilan ng pulisya. Kasalukuyang nagdadaos ng flag ceremony ang mga lokal na empleyado ng gubyerno nang ilunsad ang reyd sa munisipyo.

Dalawang awtomatikong riple at maiigsing baril (mga pistolang 9 mm, kalibreng .40 at .45) ang nasamsam ng BHB sa naturang sorpresang reyd na tumagal lamang nang 10 hanggang 15 minuto. Bago umatras ang yunit gerilya, nagtalumpati pa ang lider nito sa harap ng mga empleyado ng gubyerno at nakipag-usap kay Panukulan Mayor Rogel Portos. Matagumpay na umatras ang mga gerilya lulan ng mga bangkang de-motor patungong kabundukan ng Sierra Madre.



2 ng hapon, apat na sundalo

ng 16th IB ang nasugatan sa ambus na isinagawa ng iba pang yunit ng BHB. Lulan ng isang trak ang mga sundalo na magsisilbi sanang blocking force sa umaatras na pwersang gerilya na umatake sa Panukulan. Ngunit sila ay tinambangan sa haywey ng Barangay Llavac, Real, Quezon. Makaraan ang ilang minuto, nakasagupa ng reimporsment tim ng naturang batalyon ang ibang yunit ng BHB sa Barangay Lubayat, Real.

Ang Panukulan ay matatagpuan sa isla ng Polillo sa hilagangsilangang bahagi ng Quezon.

Agosto 8. Bilang bahagi ng kampanyang pagpaparusa sa mga plantasyon ng saging na nakasisira sa mga sakahan at kapaligiran ng Mindanao, sinalakay ng isang yunit ng BHB ang chemical mixing facility ng kumpanya ng saging na MD Rio Vista Agribusiness Ventures sa Barangay Pangi, Maco, Compostela Valley. Sinunog din ng mga pwersang gerilya ang eroplanong gumagamit ng nakalalasong kemikal sa aerial spraying.

Samantala, nagbabala ang tagapagsalita ng BHB-Valentin Palamine Command na si Ka Dencio Madrigal sa Sagittarius Mining



Inc. (SMI) sa Tampakan, South Cotabato na lisanin ang lugar o harapin nito ang dagdag pang aksyon mula sa rebolusyonaryong kilusan.

Dalawang beses nang sinalakay ng BHB ang mga pasilidad ng SMI ngayong taon. Ayon kay Madrigal, patuloy na dedepensahan ng BHB ang kapaligiran at ang kapakanan ng mamamayang nakatira malapit sa erya ng minahan.

Hulyo 30. Isang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan nang tangkaing salakayin ng mga elemento ng 47th IB ang mga pwersang gerilya ng BHB sa Sityo Karatagan, Barangay Katipunan, Tapaz, Capiz, bandang alas-4 ng hapon. Walang kaswalti sa panig ng BHB na ligtas na nakaatras pagkatapos ng halos kalahating oras na sagupaan.

Pinabulaanan ng tagapagsalita ng Jose Percival Estocada, Jr. Command-Central Panay ang pahayag ng militar sa masmidya na nagkaroon ng kaswalti sa panig ng BHB sa naturang labanan. Pinabulaanan din nila ang report ng militar na may nalunod na mga Pulang mandirigma sa kasagsagan ng bagyong "Frank".

Hindi rin, aniya, totoo ang report na may pinakawalan ang BHB na mga isparo yunit sa kalunsuran ng Panay.

Korapsyong di matapostapos, muling umaarangkada

Tabunyag nitong Agosto ang panibagong mga kaso ng korapsyon na kinasasangkutan ng pamilya Arroyo at ng pinakamalalapit nilang kaalyado at kasapakat.

Swine scam. Nalantad kamakailan ang ilang dagdag na detalye hinggil sa pagkasangkapan nina Gloria Arroyo sa Quedan and Rural Credit and Guarantee Corp. (Quedancor) para babuyin ang mga kwenta at pagpistahan ang ₱5 bilyong pondo ng "GMA Cares Swine Program."

Pinalalabas na pinautang daw sa mga empleyado ng Quedancor ang 60% (₱2.66 bilyon) at ang natitira na inutang ng Quedancor sa Land Bank of the Philippines (Landbank) ay muli umanong ipinautang sa maliliit na empresa. Lumabas sa mga datos na ₱1.46 bilvon ang ipinautang umano sa apat na empresa (Briks Agri-Livestock Corporation, Silverstock Resources Corporation, Metro Livestock at New Gold Agri-Vet Company), na pawang pag-aari ng presidente mismo ng Quedancor na si Nelson Buenaflor at dalawa pang taong nagngangalang Joel at Excel Salazar. Ang apat na kumpanya ay may iisa ring numero sa telepono. Katatayo lamang ng mga kumpanyang ito ilang buwan bago ilunsad and programa noong 2003 at may napakaliit na kapital (mula ₱62,500 hanggang ₱760,000 lamang). Pinaniniwalaan na sa aktwal, ang kalakhan ng pondo ng programa ay ginamit sa eleksyon ng kampo ni Arroyo dahil inilunsad ang programa ilang buwan 🌠 lamang bago ang eleksyong 2004 at mabilis din itong nau-

Ang natitirang "barya" ay napunta sa kumpanyang "ONL Consulting" na nakakuha ng P100 milyon para iproseso ang

bos.

transaksyon sa pagitan ng Quedancor at Landbank na siyang pinanggalingan ng kalakhan ng pondo. Tumaas pa ang bayad para sa pagpoproseso tungong P114 milyon nang tumanggap ang kapatid ni House Speaker Prospero Nograles na si Jose Nograles ng ₱14 milyon bilang bayad umano sa kanyang serbisyo bilang abugado. Kunektado noon si Jose Nograles sa trust department ng Landbank at siya ang pumirma para sa "ONL Consulting." Maanomalya ito dahil hindi kinakailangan ang gayong bayad sa mga transaksyon sa pautang sa pagitan ng dalawang korporasyong paq-aari ng qubverno.

Milyong dolyar na kontrata sa pagmimina, ipinangalan kay Defensor. Walang kaduda-dudang si Arroyo pa rin ang nakikinabang nang husto sa \$150 milyong kontrata sa pagitan ng mga kumpanyang Chinese at mga empresang nakapangalan kay Mike Defensor, para sa eksplorasyon ng nickel sa Botolan, Zambales at sa konstruksyon ng isang ore processing plant. Si Defensor, isa sa pinakamasusugid na kaalyado at tagahawak ng mga sikretong pondo ni Arroyo, ay

dating chief of staff ni Arroyo at natalo nang tumakbo sa pagkasenador sa ilalim ng Team Unity ng Malacañang.

> Nitong Agosto 8, pinirmahan China ang

isang memorandum of understanding sa pagitan nina Defensor at mga kumpanyang Chinese na Jiangxi Rare Earth at Rare Metals Tungsten Group. Kinatawan ni Defensor and mga kumpanyang Nihao Mineral Resources International Inc. at Geograce Resources Philippines Inc. kung saan siya umano ang chairman at direktor. Ang Nihao Mineral Resources International Inc. ay pag-aari ng kapartido ni Arroyo na si Harry Ang Ping. Pansuhay ivon sa Geograce Resources Philippines Inc., isang maliit na kumpanyang namatay dahil sa pagkaluqi at binuhay na lamang muli kamakailan para magsilbing prenteng korporasyon ng pamilya Arroyo.

Mga pribadong kumpanya na ngayon ang ginagamit ni Arroyo sa pakikipagnegosyo sa China upang hindi na maurirat ang anumang mga anomalyang maaaring sumingaw hinggil sa mga proyektong pinapasok ng China sa bansa at pinauunlakan ni Arroyo kapalit ang malalaking suhol.

Pondo ng upisina ni Gloria

kinukulimbat. Arroyo, Naungkat ng Commission on Audit (COA) and iba't iband iregularidad sa pondo ng upisina ng presidente para sa taong 2007. Kabilang sa ulat ng CoA ang kabuuang inilabas na pondo na ₱633 milyon na walang kaukulang ulat sa gastos. Nabunyag ding hindi nakalista kung saan napunta ang kabuuang ₱270 milyong mga pautang mula sa President's Social Fund 2003 mula hanggang January 2004. Nasa

ang upisina ni Arroyo ng cash advances na nagkakahalaga ng ₱594 milyon sa mga taong hindi empleyado ng Malacañang.

Lumitaw ding ginastos sa ibang bagay ang ₱37.3 milyong donasyong nakalaan para sa mga partikular na gamit. Dagdag pa, lumabas sa ulat ng COA na gumastos ang Malacañang ng ₱588.5 milyon sa paglalakbay sa ibang bansa at ₱34.1 milyon sa paglalakbay sa loob ng bansa. Sa kabilang banda, napakaliit o walang gastos para sa mga teksbuk at instructional materials at pagsasanay at hazard pay ng mga guro.

P1 bilyon, gastos umano sa pagsasaayos ng gusali ng Kongreso. Noong una'y humigit-kumulang P60,000 lamang ang iminungkahing gastos sa pagpapaayos ng harapan ng gusali ng Kongreso na nasira nang masabugan ito ng bomba noong Nobyembre 2007. Naging kaduda-duda na ang proseso ng pagkukumpuni nang hindi na Kongreso kundi Malacañang ang um-

ako sa gastos para rito. Lumalabas na ginamit lamang ito ni Arroyo na daluyan ng malalaki na namang kurakot. Naiulat pang ang anak niyang si Rep. Mikey Ar-

royo

ang namahala sa pag-aapruba ng konstruksyon at pamimili ng mga kasangkapan. Labis-labis ang naging presyo ng mga kontrata at materyales.

Sa unang yugto pa lamang ng pagsasaayos, P200 milyon na ang inilaan ng upisina ni Gloria Arroyo para rito. Sa anim na linggo bago ang State of the Nation Address ni Arroyo noong Hulyo 28, umabot sa 400 manggagawa ang walang patid na pinagmadaling magtrabaho sa gusali. Nang matapos ang pagkukumpuni sa gusali, umabot ang kabuuang gastos sa P1 bilyon.

Kabilang pa sa mga bagong pagkakagastusan sa Kongreso ang itatayong apat na palapag na gusaling annex sa South Wing ng Kongreso sa halagang ₱300 milyon, dalawang bus na may kabuuang halagang ₱11.6 milyon, at walong kompyuter na laptop na may pinalobong halagang ₱151,950 bawat isa o ₱1.2 milyon sa kabuuan. Dagdag pa rito ang 30 pampublikong palikuran na may pinalobong halagang ₱700,000 bawat isa o kabuuang ₱200 milyon.

Nabawing nakaw na yaman ng mga Marcos, nawawala. Nawawala ang \$34.13 milyong nabawing nakaw na yaman ng pamilya Marcos. Ayon sa ulat ng COA hinggil sa Presidential Commission on Good Government (PCGG), hindi ibinigay sa Bureau of Treasury (BTR) ang di bababa sa \$34,130,468.05, o mahigit

₱1.41 bilyon ng mga deposito ng mga Marcos sa bangko sa Switzerland na nakalagak sa Philippine

National Bank (PNB).

Bahagi ang halagang ito ng \$658 milyong idineposito sa PNB sampung taon na ang nakararaan at di dapat galawin habang hindi pa napagpapasyahan ng Korte Suprema ang pagmamay-ari nito. Halagang \$624,044,905.55 lamang ang nailipat at nakaulat sa mga libro ng

ulat ding nagbigay

Matarik na pagbulusok ng kabuhayan

along sumisidhi ang kahirapan ng mamamayang Pilipino sa harap ng walang awat na pagsirit ng presyo ng mga produkto at gastos sa serbisyo. Noong buwan ng Hulyo, umabot sa 12.2% ang inaaming tantos ng implasyon o pagtaas ng presyo ng mga produkto at gastos sa serbisyo. Ito na ang pinakamataas na tantos sa loob ng 17 taon.

Sa aktwal, umaabot sa mahigit 18% hanggang 50% ang tantos ng implasyon sa pagkain at iba pang saligang pangangailangan ng mamamayan.

Nagsimulang sumirit ang inaaming tantos ng implasyon nitong Hunyo nang umabot ito sa 11.4%. Sa bahagi ng mga presyo ng pagkain, naitala sa mga estadistika ng gubyerno ang sumusunod: Abril, 12%; Mayo, 14.2%; Hunyo, 17.4%; at Hulyo, 18.6%. Kumpara noong nakaraang taon, tumaas naman ang presyo ng bigas nang 43% noong Hunyo at 50% noong Hulyo.

Ang kakarampot na minimum na sahod sa Metro Manila na ₱382 ay 42% lamang ng *family living* wage (FLW) na umaabot nga-yon

sa ₱900. Ito ang minimum na

halagang kinakailangan araw-araw upang mabuhay nang disente ang isang anim-ka-taong pamilya. Mas masahol ang kalagayan sa labas ng Metro Manila dahil humigit-

> kumulang 32% lamang ng kinakailangang "nakabubuhay na sahod ng pamilya" ang tinatanggap na

minimum na sahod ng isang manggagawa.

Upang makaagapay sa

abang kalagayan nila, napipilitang kinokonsumong maqbawas nq pagkain ang mqa pamilyang Pilipino. Avon sa sarbey ng Pulse Asia mula Hulyo 1-14, 66% o dalawa sa bawat tatlong pamilyang Pilipino ang nagbawas sa kinokonsumong pagkain o nagtipid sa gastos sa pagkain sa loob ng nakalipas na tatlong buwan (Abril-Hunyo), kumpara sa 44% noong Marso. Maliban sa pagkain, signipikante rin ang pagtitipid sa kuryente (53%), transportasyon (32%) at liquefied petroleum gas o LPG (31%).

Inilalarawan nito ang bilis at tindi ng paghihigpit ng sinturon ng sambayanang Pilipino sa harap ng mabilis na tumitinding krisis pangkabuhayan.

Samantala, ayon sa sarbey ng Social Weather Stations (SWS) noong Hunyo 27-30, umaabot sa 62% ng mga Pilipino ang nagsasabing bumagsak ang kalidad ng kanilang pamumuhay ngayon kumpara noong nakalipas na kalahating taon. Ito na ang pinakamalaking bilang ng mamamayang nagsabing mas humirap ang kanilang buhay mula nang simulan ang sarbey noong 1983.

Mahigit namang tatlong milyong pamilya o 14.5 milyong Pilipino ang madalas o panakanakang nakaranas ng gutom nitong nakalipas na tatlong buwan, ayon pa sa sarbey ng SWS.

Bureau of Treasury.

Pananagutan ni PCGG Chairman Camilo Sabio ang nawawalang halaga. Marami pang ibang pananagutan si Sabio kabilang ang nakasalang na kaso niya sa Presidential Anti-Graft Commission dahil sa paglipat niya sa kanyang personal na deposito sa bangko ng P10 milyong dapat napunta sa gubyerno. Ang halagang ito ay dibidendong nakolekta ng PCGG mula sa Inde-

pendent Realty Corp (IRC). Ang IRC ay dating pag-aari ng kroni ni Marcos na si Jose Yao Campos.

Isa rin siya sa mga upisyal ng PCGG na inaakusahang nangulimbat ng kabuuang ₱421.8 milyon mula sa isa pang nasekwester na kumpanya ng mga kroni ni Marcos, ang Philcomsat Holdings Corp. (PHC).

Pinuno ng GSIS, muling kinasuhan. Isinampa sa Office of the Ombudsman nitong Hulyo 14 ang kasong kriminal at administratibo laban kay Winston Garcia, presidente at *general manager* ng Government Service Insurance System (GSIS). Kaugnay ito ng iligal na pagremit ni Garcia noong 2004 ng P1 bilyong sarplas ng GSIS sa upisina ni Gloria Arroyo sa halip na sa National Treasury. Kabilang din sa kinasuhan ang mga myembro ng Board of Trustees ng GSIS.



Aktibista ng BM, 3 brodkaster, pinaslang

sang aktibista sa Compostela Valley at tatlong brodkaster ang pinakahuling mga biktima ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang. Samantala, patuloy namang sinasalanta ng matinding militarisasyon ang Sentral Panay.

Agosto 15. Pinatay ng militar si Roel Dotarot, 36, drayber ng motorsiklo at organisador ng Bayan Muna (BM). Agarang namatay si Dotarot nang siya ay pagbabarilin ng mga salarin habang naghihintay ng kanyang mga pasahero bandang ala-1 ng hapon sa Purok Narra, Barangay Banlag, Monkayo, Compostela Valley. Napag-alamang ang pinaslang na aktibista ang siyang nagbulgar noong nakaraang taon sa pagdukot at pagtortyur ng militar sa isang mag-uuling sa Monkayo.

Agosto 4, 7 at 15. Tatlong beses na pinagbabaril habang nakasakay sa kanyang motorsiklo sa Barangay San Isidro, Magarao, Camarines Sur si Ronaldo "Anjo" Julian, 45. Si Julian ay dating brodkaster ng dzGE at nagsusulat sa isang lokal na pahayagan.

Pinaslang naman noong Agosto 7 ng dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo ang brodkaster na si Martin Roxas sa Barangay Punta Tabuc, Roxas City, Capiz. Si Roxas, anchorman ng dyVR, isang istasyon ng radyo sa ilalim ng Radio Mindanao Network (RMN) ay awditor ng National Union of Journalists of the Philippines sa Capiz.

Bago ito, pinaslang din noong Agosto 4 si Dennis Cuesta ng RMN dxMD. Naganap ang krimen malapit sa Gaisano City Mall sa General Santos City. Mahigit 30 na ang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa nasabing lunsod mula Marso ng taong kasalukuyan.


Sina Julian, Roxas at Cuesta ang ika-4, ika-5 at ika-6 na mamamahayag na pinaslang ngayong taon. Sa pagkamatay ni Julian ay ika-61 na siyang mamamahayag na pinaslang mula nang manungkulan si Gloria Arroyo noong 2001.

Agosto 3. Nakatanggap ng pagbabanta sa kanyang buhay ang pangkalahatang kalihim ng Promotion for Church People's Response (PCPR) sa Negros Oriental. Si Fr. Romeo Tagud, isang pari ng Iglesia Filipina Independiente (IFI) ay pinadalhan ng isang puting sobre na may lamang bala ng M16. Mariing kinundena ng PCPR ang panghaharas ng militar sa mga pari ng IFI na tulad ni Fr. Tagud ay nagtataguyod sa karapatang-tao.

Hulyo 31. Iligal na inaresto ng mga tropa sa ilalim ng 1003rd Bde ang mga sibilyang sina Arnel at Boyen Suminggel, kapwa mga residente ng Sityo Kapatagan, Barangay Gupitan, Kapalong, Davao del Norte. Pinalalabas ng militar na mga myembro ng BHB ang dalawang sibilyan.

Hulyo 14. Pinaso ng sigarilyo ng dalawang sundalo ng Philippine Air Force (PAF) ang isang anim na taong gulang na bata sa PAF Compound sa Sasa, Davao City. Ang mga salarin na sina Sgt. Manuel Doria at A2C Rex Dimaculangan ay lasing nang matyempuhan nila ang biktima sa PAF 11 playground. Hinawakan nila ang bata at pinaso ng sigarilyo sa tiyan. Sinabihan din nila ang bata na huwag magsumbong kung ayaw niyang masaktan ulit.

Hulyo hanggang sa kasalukuyan. Walang tigil ang matitinding operasyong militar sa mga baryo ng Roosevelt, Gebio-an, Katipunan,



Libertad, Tacayan, Lahug at Aglinab sa Tapaz, Capiz at sa mga baryo rin ng Garangan at Masaroy sa Calinog, Iloilo. Napeperwisyo ang kabuhayan ng mamamayan dahil sa paninira ng mga tropa sa mga pananim na palay. Pinipilit ding hulihin ang ilang tagabaryo, laluna ang mga kapamilya ng mga myembro ng BHB para ipresyur na magbigay ng impormasyon hinggil sa mga Pulang mandirigma.

Samantala, sinusulsulan ng militar ang ilang hidwaan sa hanay ng mamamayan sa bulubunduking mga barangay sa Calinog at Tapaz para humantong ito sa patayan. At saka naman itutulak ang mga tagabaryo na sumapi sa CAFGU para umano maprotektahan nila ang kanilang sarili. Pinakahuling pangyayari kaugnay nito ang hidwaan sa pagitan ng ilang pamilya na taga-Barangay Marandig at Guinbunyugan sa Calinog laban sa mga taga-Sityo Arayaray, Barangay Siya, Tapaz kung saan lima ang namatay. Nagbunsod rin ito ng pagbakwit ng ilang pamilya tunqong kabayanan. ΑB

Pangmomolestiya sa kababaihang manggagawa, isinumbong sa UN

Isinumbong ng Asia Human Rights Commission (AHRC) sa United Nations Special Representative of the Secretary General on Human Rights, Special Rapporteur on Violence Against Women ang nangyayaring pangmomolestiya sa mga babaeng manggagawa at pangwawasak sa unyon ng isa sa mga pabrika ng sapatos ng Advan sa RMT Compound, Tunasan, Muntinlupa City. Sa sulat nito sa UN noong Agosto 1, binatikos ng AHRC ang pagsasawalang-kibo ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa gayong mga hinaing ng mga manggagawa.

Nagsimula ang pangmomolestiya sa mga manggagawang babae noon pang 2006 nang simulan nila ang pagtatatag ng Bleustar Workers' Labor Union (BWLU) sa Bleustar Manufacturing & Marketing Corporation. Ang pabrika, na dating nagngangalang Rubberworld at pagmamay-ari ng negosyanteng si Jimmy Ong, ay may mahigit 200 manggagawa. Walumpu't limang porsyento (85%) sa kanila ay mga babaeng sumasahod lamang ng

P382 kada araw. Dumalas ang panghaharas sa kanila nang ireklamo ng mga unyonista sa maneydsment ang mababang pasahod sa mga manggagawa, masamang kundisyon sa trabaho at sekswal na pangmomolestiya.

Noong Hulyo 12, nagsagawa ng piket ang kababaihang manggagawa sa tarangkahan ng pabrika kung saan iginiit nila ang umento sa sahod. Kanila ring binatikos ang pangmomolestiya ng kapitalistang si Ong. Halimbawa nito ang panghihipo sa dibdib ng mga manggagawang babae; pilit na pagpapahawak sa ari ni Ong na kadalasa'y lasing; ang paghihiling nito na makipagtalik nang isang gabi. May ilang superbisor din na pumayag na "ibahay" ni Ong.

Bilang reaksyon, inihayag ng maneydsment noong Hulyo 14 na tinanggal na umano ang 63 mangqaqawa na pawang mga upisyal at myembro ng unyon. Hindi natinag ang mga manggagawa at nagpatuloy sila sa kanilang kilos-protesta. Noong Hunyo 25 ay pinayagan ng DOLE ang pagdaraos ng certification election ng unyon. Ngunit hindi binilang ng DOLE ang 43 boto ng mga nagpipiket na manggagawa. Kaya ang resulta ng eleksyon ay 87 bumoto sa "No Union" (ayaw sa unyon) at 60 lamang ang "Yes" (pabor sa unyon). Malinaw na panalo sana ang mga kasapi ng BWLU kung naging patas ang pagbibilang ng mga boto ng DOLE.

Prachanda, nahalal na *prime minister* ng Nepal

Nahalal na kauna-unang *prime minister* ng bagong tatag na Nepali Republic si Pushpa Kamal Dahak alyas Kasamang Prachanda, tagapangulo ng Communist Party of Nepal-Maoist (CPN-M). Nagtamo ng 80% ng mga boto si Prachanda, 53, sa idinaos na eleksyon noong Agosto 15 laban kay Sher Bahadur Deuba ng Nepali Congress Party.

Sa suporta ng kanyang partido, gayundin ng Communist Party of Nepal-United Marxist-Leninist (CPN-UML) at ng Madheshi Janadhikar Furom, ibinoto si Prachanda ng 464 na kasapi ng parlamento.

Ang panibagong tagumpay ng mga Maoista ay kasunod ng tagumpay nila sa halalan noong Abril. Nanalo ang karamihan ng kanilang mga delegado sa halalan para sa Constituent Assembly noong Abril. Ang asembliya ay binuo para magbalangkas ng bagong konstitusyon ng Nepal. Demokrati-

ko at anti-monarkiya ang halos lahat ng delegado sa asembliya at sa unang sesyon pa lamang nito no-

ong Mayo 28, ay agad idineklara nitong isa nang republika ang Nepal. Binuwag ang 246-taong monarkiya at pinatalsik sa trono ang kinamumuhiang hari na si Gya-

nendra. Apat lamang na monarkistang nakapuslit sa asembliya ang hindi sumang-ayon sa deklarasyon.

Kasalukuyang binubuo sa pamumuno ni Prachanda at ng mga Maoista ang bagong koalisyong gubyernong republika sa Nepal.

Ang naangking mga tagumpay ng mga Maoista at ng mga demokratikong pwersa at mamamayang Nepali ay bunsod ng halos isang dekadang digmang bayan na matagumpay na isinulong ng CPN-M. Bago lumantad sa publiko at pangunahan ni Prachanda ang parlamentaryong pakikibaka, ang CPN-

M ay may hukbong bayan na may 19,000 armadong mandirigma at may malawak na mga baseng gerilya sa kanayunan.

Taon XXXIX Blg. 16 Agosto 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Suportahan ang rebolusyonaryong pakikibakang Bangsamoro!

ananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mga rebolusyonaryong pwersa na pinamumunuan nito na lubos na suportahan ang pakikibaka ng Bangsamoro para sa pambansang pagpapasya-sa-sarili at pagbawi ng kanilang lupang ninuno.

Sa harap ng mga panlilinlang ng reaksyunaryong gubyerno sa MILF sa usapang pangkapayapaan at pag-iibayo ng mga tahasang opensibang militar laban sa kanila, wala ngayong ibang pagpipilian ang MILF at ang Bangsamoro kundi ang pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka upang makamit ang karapatan nila sa pambansang pagpapasya-sa-sarili at mabawi ang mga lupaing ninunong kinamkam sa kanila. Kaugnay nito, higit na dapat magkaisa ang rebolusyonaryong pambansa-demokratikong kilusan at ang rebolusyonaryong kilusang Bangsamoro, magpalalim ng unawaan at magpaigting ng pagtutulungan upang isulong ang kanilang mga komun at partikular na pakikibaka laban sa parehong kaaway—ang rehimeng US-Arroyo at ang buong bulok, reaksyunaryo at mapang-aping malakolonyal at malapyudal na sistemang namamayani sa buong bansa.

pasistang armadong pwersa bilang kongkretong hakbang para suportahan ang muling pagsusulong ng rebolusyonaryong ar-

Kailangang paigtingin ng madong pakikiba-Bagong Hukbong Bayan ang mga taktikal na opensiba sa buong bansa laban sa moro at upang saman-

Mga tampok sa isyung ito...

Inudyok ng rehimeng Arroyo ang gera sa Mindanao

PAHINA 4

Rebyu: Stalking Jihad
PAHINA 7

Matarik na pagbulusok ng kabuhayan

PAHINA 11

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang Advanced
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*